

# Early Childhood Education and Assistance Program

## (Programa ng Edukasyon at Tulong Mula sa Pagkabata, ECEAP)

### Tulay Patungo sa Pagtitiwala sa Sarili ng Bata at Pamilya



Katatagan		Relasyon sa Sarili at sa Iba			Pamamahala ng Pera		Pagpapalano ng Kasanayan, Edukasyon, at Pagsasanay		Pamamahala ng Trabaho at Karera
TIRAHAN	KAPAKANAN NG PAMILYA	PAGPAPALAKI NG ANAK	KAPAKANAN	PAGKADAMA NG PAGIGING KABILANG	MGA PERSONAL AT PROPEYONAL NA SUPORTA	GASTOS	PAGPAPLANO	PAGKATUTO	MGA ANTAS NG KITA
Mayroon akong ligtas, abot-kaya, at matatag na tirahan na nakakatugon sa aking mga pangangailangan. Mayroon akong mga mapagkukunan na kailangan ko para mapanatili ang tirahan na ito.	Kaya kong tugunan ang mga pangangailangan ng aking pamilya. Bihira itong magdulot ng stress na nakakaabala sa aking mga pang-araw-araw na gawain.	Nauunawaan at natutugunan ko ang mga umuunlad na pangangailangan ng aking anak. Mayroon akong mga mapagkukunan para sa pagpapalaki ng anak kapag kailangan.	Mayroon akong malusog na pamumuhay at hindi ko kailangan ng karagdang mapagkukunan.	Ako ay kabilang sa at nakakatulong sa aking nagkakaiba-ibang komunidad.	Nararamdaman ko ang kapanatagan, kaligtasan, at suporta sa aking mga relasyon.	Nasa tamang oras ako sa pagbabayad at halos wala akong utang.	Kung magkakaroon ng hindi inaasahang pangyayari o emergency, mayroon akong sapat na ipon para tustusan ang mga gastos.	Mayroon akong mga kasanayan, pagsasanay, o edukasyon na kailangan ko para mapanatili ang trabaho sa karerang nais ko.	May trabaho ako na pinahalalagan ko at kumikita ng sapat na sahod o sahod na nagbibigay-daan sa akin na mamuhay ayon sa gusto ko.
Kadalasan, mayroon akong ligtas, abot-kaya, o matatag na tirahan. Mayroon akong ilang mapagkukunan na kailangan ko para mapanatili ang tirahan na ito.	Kadalasan, kaya kong tugunan ang mga pangangailangan ng aking pamilya. Minsan, nakakaramdam ako ng stress na nakakaabala sa aking mga pang-araw-araw na gawain.	Kadalasan, nauunawaan at natutugunan ko ang mga umuunlad na pangangailangan ng aking anak. Gusto ko ng ilang mapagkukunan para sa pagpapalaki ng anak.	Kadalasan, mayroon akong malusog na pamumuhay. Alam ko ang mga senyales ng babala at kung saan makakuha ng tulong para mapabuti ang aking kalusugan.	Humahanap ako ng mga pagkakataon na makilahok at makapag-ambag sa aking nagkakaiba-ibang komunidad. Gusto kong magkaroon ng mga pagkakataon na magawa ito nang mas madalas.	Kadalasan, nararamdaman ko ang kapanatagan, kaligtasan, at suporta sa aking mga relasyon. Alam ko kung saan ako makakahap ng suporta.	Binabayaran ko ang pinakamababang halaga sa lahat ng aking mga bayarin. Bihira akong makaramdam ng stress tungkol sa pinansiyal.	Kung magkakaroon ng hindi inaasahang pangyayari o emergency, halos mayroon akong sapat na ipon para tustusan ang mga gastos.	Kadalasan, mayroon akong mga kasanayan, pagsasanay, o edukasyon na kailangan ko para mapanatili ang trabaho sa karerang nais ko.	May trabaho ako na pinahalalagan ko na halos kumikita ng sapat na sahod. Sa tingin ko, alam ko ang mga hakbang na nais kong gawin para kumita ng mas mataas na sahod. Gusto ko ng suporta sa pagpapalano nito.
Minsan, mayroon akong ligtas, abot-kaya, o matatag na tirahan. May nagagamit akong mapagkukunan para sa tirahan.	Minsan, natutugunan ko ang mga pangangailangan ng aking pamilya. Nakakaranas ako ng stress na minsan ay nakakaabala sa aking mga pang-araw-araw na gawain.	Minsan, nauunawaan at natutugunan ko ang mga umuunlad na pangangailangan ng aking anak. Gusto ko ng mapagkukunan para sa pagpapalaki ng anak.	Minsan, mayroon akong malusog na pamumuhay. Interesado akong matuto kung paano mapapalakas ang aking malusog na pag-uugali.	Nasisiyahan akong matuto tungkol sa pagkakaiba-iba sa aking komunidad. Gusto kong magkaroon ng mga pagkakataon na magawa ito nang mas madalas.	Minsan, nararamdaman ko ang kapanatagan, kaligtasan, at suporta sa aking mga relasyon at nais ko pa ng mga karagdang mapagkukunan.	Binabayaran ko ang pinakamababang halaga sa ilang mga bayarin. Minsan, nakakaramdam ako ng stress tungkol sa pinansiyal at nais ko pa ng mga karagdang mapagkukunan.	Kung magkakaroon ng hindi inaasahang pangyayari o emergency, mayroon akong ilang ipon para tustusan ang mga gastos. Gusto ko ng suporta.	Mayroon akong ilang mga kasanayan, pagsasanay, at edukasyon na kailangan ko para makahanap o mapanatili ang trabaho na gusto ko. Gusto ko pang matuto.	May trabaho ako na pinahalalagan ko at hindi nakakasapat ang kita ko para makapamuhay ako ayon sa gusto ko. Kailangan ko ng tulong sa pagpapalano ng mga hakbang na maari kong gawin para kumita ng mas sapat.
Nakatira ako sa pansamantala at delikadong tirahan. Nanganangib akong mawalan nito at gagamit ako ng mga mapagkukunan para sa tirahan.	Bihira kong matugunan ang mga pangangailangan ng aking pamilya sa ngayon. Nakakaranas ako ng matinding stress na madalas nakakaabala sa aking mga pang-araw-araw na gawain.	Bihira kong nauunawaan o natutugunan ang mga umuunlad na pangangailangan ng aking anak. Gagamit ako ng mga mapagkukunan para sa pagpapalaki ng anak.	Bihira akong magsagawa ng malusog na pamumuhay. Interesado akong matuto kung paano mapapalakas ang aking malusog na pag-uugali.	Alam ko ang tungkol sa pagkakaiba-iba ng aking komunidad. Interesado akong matuto pa.	Bihira akong makadama ng kapanatagan, kaligtasan, at suporta sa aking mga relasyon, gagamit ako ng suporta sa salik na ito.	Huli ako sa pagbabayad. Palagi akong stress tungkol sa pinansiyal at nangangailangan ng mga mapagkukunan.	Kung magkakaroon ng hindi inaasahang pangyayari o emergency, kakaunti lang ang naipon ko para matustusan ang mga gastos. Gagamit ako ng mga mapagkukunan.	Mayroon akong limitadong kasanayan, pagsasanay, at edukasyon na nakakaapekto sa aking trabaho. Gusto ko ng suporta.	May trabaho ako na hindi nakakasapat ang kita para makapamuhay ako ayon sa gusto ko. Gagamit ako ng mga mapagkukunan para matulungan akong magplano.
Wala akong tirahan o malapit nang mawalan ng tirahan. Gagamit ako ng mga mapagkukunan para sa tirahan.  Kahulugan ng walang tirahan: <a href="https://nche.ed.gov/mckinney-vento-definition/">https://nche.ed.gov/mckinney-vento-definition/</a>	Hindi ko matugunan ang mga pangangailangan ng aking pamilya sa ngayon. Nakakaramdam ako ng matinding stress na palaging nakakagambala sa aking pang-araw-araw na gawain.	Wala akong mga kasanayan na kailangan ko para maunawaan o makatugon sa mga umuunlad na pangangailangan ng aking anak sa ngayon. Gagamit ako ng mga mapagkukunan para sa pagpapalaki ng anak.	Hindi ako regular na nagsasagawa ng malusog na pamumuhay at nangangailangan ako ng suporta para malaman kung paano ko mapapabuti ang aking malusog na pag-uugali.	Wala akong masyadong alam tungkol sa pagkakaiba-iba ng aking komunidad.	Hindi ako nakakaramdam ng kapanatagan, kaligtasan, suporta sa aking mga relasyon. Gagamit ako ng suporta sa salik na ito.	Hindi ko binabayaran ang utang. Lagi akong stress tungkol sa pinansiyal. Kailangan ko ng mga mapagkukunan sa pinansiyal.	Kung magkakaroon ng hindi inaasahang pangyayari o emergency, wala akong anumang ipon para matustusan ang mga gastos. Gagamit ako ng mga mapagkukunan.	Wala akong kakayahan, pagsasanay, o edukasyon na kailangan ko para makakuha ng trabahong gusto ko. Gagamit ako ng mga mapagkukunan.	Gusto kong magkaroon ng trabaho na may mas matatag na kita. Gagamit ako ng mga mapagkukunan para matulungan akong matuto kung paano ito gawin.

Hango mula sa Economic Mobility Pathways (Mga Landas ng Ekonomikong Pag-angat, EMPATH) Tulay sa Pagsapat sa Sarili.

Kung gusto mong magkaroon ng mga kopya ng dokumentong ito sa isang alternatibong format o wika, mangyaring makipag-ugnayan sa DCYF Constituent Relations (Mga Pakikipag-ugnayan ng mga Nasasakupan ng DCYF) sa (1-800-723-4831 | 360-902-8060, [ConstRelations@dcyf.wa.gov](mailto:ConstRelations@dcyf.wa.gov)).  
DCYF PUBLICATION\_EL\_0020 TA (08-2021) Tagalog